

**SINUMPAANG PAHAYAG NG PAGPAPAHINTULOT NG TAGAPAG-ALAGA
(CAREGIVER'S AUTHORIZATION AFFIDAVIT)**

Ang paggamit ng sinumpaang pahayag na ito ay pinahihintulutan sa Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 6550) ng Dibisyon 11 ng Kodigong Pampamilya ng California (California Family Code).

Mga Tagubilin: Sapat na ang pagkumpleto sa ika-1-4 na aytem at ang paglagda sa sinumpaang pahayag para pahintulutan ang pag-enrol sa paaralan ng isang menor de edad at pahintulutan ang pangangalagang medikal na may kinalaman sa paaralan. Kailangan ding kumpletuhin ang ika-5-8 aytem para pahintulutan ang anumang iba pang pangangalagang medikal. Pakisulat nang malinaw.

Ang menor de edad na nakapangalan sa ibaba ay nakatira sa aking tahanan at ako ay nasa edad 18 pataas.

1. Pangalan ng menor de edad: _____
2. Petsa ng kapanganakan ng menor de edad: _____
3. Ang aking pangalan (taong nasa hustong gulang na nagbibigay ng pahintulot): _____
4. Address ng aking tirahan: _____
5. ☐ Kamag-anak ako ng bata (tingnan ang likod ng form na ito para sa depinasyon ng "kamag-anak")
6. Lagyan ng tsek ang isa o parehong kahon (halimbawa, kung ang isang magulang ay naabisuhan at ang isa naman ay hindi matunton):
 - ☐ Naabisuhan ko na ang (mga) magulang o ang iba pang (mga) tao na may legal na kustodiya sa menor de edad hinggil sa aking layunin na pahintulutan ang pangangalagang medikal at wala akong natanggap na anumang pagtutol.
 - ☐ Hindi ko makontak sa ngayon ang (mga) magulang o iba pang (mga) tao na may legal na kustodiya sa menor de edad, para ipaalam sa kanila ang aking nilalayong pahintulot.
7. Petsa ng aking kapanganakan: _____
8. Ang aking lisensya sa pagmamaneho sa California o numero ng kard ng pagkakakilanlan o numero ng consular card na inisyu ng gobyerno: _____

Paunawa sa Tagapag-alaga: Huwag lagdaan ang form na ito kung hindi tama ang alinman sa mga pahayag sa itaas, dahil ang paggawa nito ay isang krimen na may parusang multa, pagkabilanggo, o pareho.

Paunawa sa mga Lokal na Ahensyang Pang-edukasyon at mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan: Hindi kailangan ang tatak (seal) o lagda mula sa hukuman. Hindi kinakailangang notarisado ang form na ito.

Ipinahahayag ko sa ilalim ng kaparusahan para sa panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang mga nabanggit ay totoo at tama.

Lagda _____

Petsa: _____

MGA ABISO:

1. Ang deklarasyong ito ay hindi nakaaapekto sa mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapangalaga ng menor de edad hinggil sa pangangalaga, kustodiya, at kontrol sa menor de edad, at hindi ito nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay mayroong legal na kustodiya sa menor de edad.
2. Ang sinumang tumatanggap sa sinumpaang pahayag na ito ay walang obligasyong magsagawa ng anumang karagdagang pagsisiyasat o imbestigasyon.

PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA:

1. Ang ibig sabihin ng “Kamag-anak,” para sa mga layunin kaugnay ng **ika-5 aytem**, ay isang taong nasa hustong gulang na kamag-anak ng bata dahil sa pagiging kadugo, pag-aampon, o relasyon sa loob ng ikalimang antas ng pagiging kaanak, kabilang ang mga amang panguman o inang panguman (stepparent), kapatid na panguman (stepsibling), lahat ng kamag-anak na may mga salitang “great,” “great-great,” o “grand” sa tawag-pamagitan o ang asawa ng sinuman sa mga taong ito kahit na napawalang-bisa ang kasal dahil sa kamatayan o paghihiwalay.
2. Maaaring iatas sa iyo ng batas, kung hindi ka kamag-anak, o kasalukuyang lisensiyado, sertipikado, o aprubadong foster parent, na kumuha ng resource family approval alinsunod sa Seksyon 1517 ng Kodigong Pangkalusugan at Pangkaligtasan (Health and Safety Code) o Seksyon 16519.5 ng Welfare and Institution Code para makapag-alaga ng isang menor de edad. Kung mayroon kang anumang katanungan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng mga serbisyong panlipunan.
3. Kung hindi na nakatira ang menor de edad kasama mo, wala nang bisa ang sinumpaang pahayag na ito. Kailangan mong ipaalam sa alinmang paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binigyan mo ng sinumpaang pahayag na ito, na hindi na nakatira ang menor de edad kasama mo at wala nang bisa ang sinumpaang pahayag.
4. Kung wala ka ng impormasyong hinihingi sa **ika-8 aytem** (lisensya sa pagmamaneho sa California o kard ng pagkakakilanlan, o consular card na inisyu ng gobyerno), magbigay ng iba pang uri ng pagkakakilanlan gaya ng iyong social security number o numero sa Medi-Cal (*Tandaan na ang impormasyong ito ay maaaring beripikahin ng mga kawani ngunit hindi dapat kopyahin dahil sa mga batas sa pagiging kumpidensiyal*).

PARA SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:

1. Nakasaad sa Seksyon 48204 ng Kodigo ng Edukasyon na ang sinumpaang pahayag na ito ay sapat nang batayan para sa pagpapasya hinggil sa paninirahan ng menor de edad, nang hindi na kinakailangan ang pagkakaroon ng tagapangalaga (guardianship) o iba pang utos kaugnay ng kustodiya, maliban kung matukoy ng distrito ng paaralan mula sa mga aktuwal na impormasyon na hindi na nakatira ang menor de edad kasama ang tagapag-alaga.
2. Maaaring humingi ang distrito ng paaralan ng karagdagang makatwirang ebidensiya na nakatira ang tagapag-alaga sa address na nakalagay sa **ika-4 na aytem**.
3. Hindi kailangan ang tatak (seal) o lagda ng hukuman. Hindi kinakailangang notarisado ang form na ito.
4. *Kung may ibinigay na Social Security card, Medi-Cal card, o pasaporte para sa **ika-8 aytem**, tandaan na ang impormasyong ito ay maaaring beripikahin ng mga kawani ng paaralan ngunit hindi dapat kopyahin dahil sa mga batas sa pagiging kumpidensiyal.*

PARA SA MGA TAGAPAGKALOOB NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT MGA PLANO NG SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN:

1. Kapag nilagdaan ng isang kamag-anak, ang sinumpaang pahayag na ito ay magkakaloob ng parehong mga karapatan upang pahintulutan ang pangangalagang medikal at pangangalaga sa ngipin para sa menor de edad na ibinigay sa mga tagapangalaga sa ilalim ng Seksyon 2353 ng Probate Code. Maaaring kabilang sa pangangalagang medikal na pinahihintulutan ng isang kamag-anak na tagapag-alaga ang paggamot sa kalusugang pangkaisipan na napapailalim sa mga limitasyon ng Seksyon 2356 ng Probate Code.
2. Ang isang tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nagsisilbi nang may mabuting hangarin batay sa sinumpaang pahayag ng pagpapahintulot ng isang tagapag-alaga upang magbigay ng pangangalagang medikal o pangangalaga sa ngipin, nang walang aktuwal na kaalaman sa mga katotohanang salungat sa mga nakasaad sa sinumpaang pahayag, ay hindi magkakaroon ng kriminal na pananagutan o sibil na pananagutan sa sinumang tao, o hindi sasailalim sa aksyong pandisiplina kaugnay ng propesyon, para sa pagtitiwalang iyon kung nakumpleto ang mga naaangkop na bahagi ng form. Hindi kailangan ang tatak (seal) o lagda ng hukuman. Hindi kinakailangang notarisado ang form na ito.
3. Ang sinumpaang pahayag na ito ay hindi nagkakaloob ng katayuan bilang dependent para sa mga layunin ng pagsaklaw (coverage) sa pangangalagang pangkalusugan.